Ang REBOLUSYONARYONG
# LUNAS

*Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP - NDFP)*

Ispesyal Isyu | 2026

# LABANAN ANG IMPERYALISTANG AGRESYONG US-ISRAEL! IBAGSAK ANG IMPERYALISMO! ISULONG ANG INTERNASYUNALISTANG PROLETARYONG PAKIKIBAKA!



Mahigpit na kinukondena ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) ang ginagawang pag-atake ng imperyalistang US-Israel sa Iran at sa Middle East upang palakihin ang yaman at rekursong tuwirang hawak nito at baguhin ang kaayusan sa mundo. Lalo't higit na kinokondena ng MSP ang karumal-dumal na paglabag ng US at Israel sa Internasyunal na Makataong Batas (International Humanitarian Law) – sa pagbomba ng mga ospital at mga paaralan at sa pagkitil ng mahigit isang libong buhay. May utang na dugo hindi lamang sa mamamayan ng Iran kundi sa iba pang mga bansang sinisibasib ng berdugong tambalan ng imperyalistang US-Israel. Makatwiran ang paglaban at paglaban ng mamamayan ng Iran at ng buong sandaigdigang mamamayan na inaapi at pinagsasamantalahan ng imperyalismo. Itinuturo ng kasalukuyang krisis na walang tanging landas upang malupig ang imperyalismo kundi ang proletaryong rebolusyon tungo sa sosyalismo.

Muli, buong kabangisang ipinakita ng berdugong tambalang US-Israel ang imperyalistang agresyon nito sa walang hintong pambobomba sa Iran mula noong Pebrero 28, 2026. Sa pamamagitan ng mga asintadong missiles, tinarget ang asasinasyon sa mga pinuno at ilampung opisyal ng gubyerno ng Iran. Pinuntirya ng US-Israel ang istrukturang plantang nukleyar, mga gusali ng gubyernong sibilyan, mga ospital, at maging ang mga pangkasaysayang lugar ng Iran. Binomba ang paaralang elementarya na ikinasawi ng mahigit na 160 batang mag-aaral. Sa loob ng unang limang araw na tuluy-tuloy na pambomba, mahigit 1,000 Iranian ang naiulat na namatay. Ang pag-atake sa Iran ay kasinglupit ng nagpapatuloy na henosidyo ng US-Israel sa mamamayang Palestino.

Lantad na sa buong mundo na ang buwitreng pagkagahaman ng imperyalistang US ang dahilan ng marahas na paglapastangan nito sa soberanya ng mga bansa. Hindi na nito malilinlang ang buong mundo sa pagpipinta na ang Iran ay gumagawa ng "armas nukleyar" katulad ng ginawa nitong panggiyera sa mga bansang hindi sumusunod sa kanyang mga dikta – sa Iraq na pinaratangan niyang may "weapon of mass destruction"

noong 2003; sa inimbentong pagbabansag na "narco-terrorist state" ang gubyerno ng Venezuela kung kayat binomba at dinukot ang pangulo nitong si Nicolas Maduro at ang kanyang asawang si Cilia Flores. Kahit ang mataas na opisyales ni Donald Trump na si Joe Kent, direktor ng National US Counterterrorism Council ay nag-resign. Ayon kay Kent, hindi kaya ng kanyang konsensya na suportahan ang gyera sa Iran at sinabing walang napipintong banta sa kanilang bansa ang Iran.

Iwinawasiwas ng US sa kanyang kapangyarihang militar sa buong mundo upang matiyak na maisakatuparan ang pagnanasa nito sa mayamang rekurso ng langis ng Iran, ikatlo na pinakamalaki sa mundo, ang nasa likod ng walang habas na pag-atake sa Iran. Ang mayamang rekurso rin ng langis ang dahilan ng panghihimasok nito sa Venezuela. Ang paglapastangan sa soberanya ng mga bansa ay sumasalamin sa marahas at malupit na katangian dahil sa bumubulusok na krisis ng imperyalismo.

Malaki ang epekto sa mamamayang Pilipino ng nagaganap na pagsalakay ng US-Israel sa Iran at Middle East. Mala-buwitreng sinamantala ng mga monopolyo sa langis. Agad-agad na naramdaman ng mamamayan lalo na ng mga drayber ang pagsirit ng presyo ng produktong petrolyo, ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at napipintong pagtaas ng kuryente atbp yutilidad. Higit sa lahat, nalalagay sa matinding panganib at hindi ligtas ang mamamayang Pilipino sa ginagawang agresyon ng imperyalistang US sa daigdig. Nagsisilbing bato-balani ng atake (magnet of attack) ang bansa lalo pa at isa ang Pilipinas sa may pinakamaraming base militar ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Coorperation Agreement (EDCA).

Nakikiisa ang MSP sa mamamayan ng Iran at sa iba pang bansa na patuloy na lumalaban upang ipagtanggol ang kanilang soberanya at laban sa imperyalistang agresyon. Nananawagan ang MSP na kilalanin at igalang ang Internasyunal na Makataong Batas (IHL) – hindi dapat binobomba ang mga pagamutan, bata, sibilyan, at mga manggagawang pangkalusugan.



Isang napakahalagang internasyunal na tungkulin na isanib ng MSP kasama ng iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon at ng buong rebolusyonaryong kilusan na suportahan ang paglaban ng mamamayan ng Iran sa pamamagitan ng pagbibigay ng matinding bigwas sa numero unong kaaway ng mga mamamayan sa buong daigdig - ang imperyalismong Estados Unidos at sa lokal na papet nitong rehimeng Marcos Jr. Mahigpit na nakaugnay ang pakikibaka ng mamamayan ng Iran sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino, ng lahat ng aping mamamayan at mga bansang nagtatanggol sa pambansang kasarinlan laban sa imperyalistang panghihimasok at mga digmaan.

Buong lakas na isasanib ng MSP ang kanyang boses at lakas sa paglaban ng mga mamamayan sa buong daigdig at milyun-milyong humuhugos sa kalsada kabilang na ang mamamayang Pilipino upang suportahan ang mamamayan ng Iran at labanan ang ganid na imperyalistang US.

**Isulong at ipagtagumpay ang pambansa-demoktratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba!**

**Mabuhay ang paglaban ng mamamayan ng Iran!**

**Isulong ang internasyunal na rebolusyong proletaryo!**

**Ibagsak at biguin ang imperyalismong US!**